

# 春日井くらしのガイド



## Guide Para sa Pamumuhay sa Lungsod ng Kasugai

(フィリピン語)

# Nilalaman

<input type="checkbox"/>	Tungkulin ng Munisipyo . . . . .	1
1	Alien Registration . . . . .	2
2	International Exchange Room . . . . .	3
3	Oryentasyon ukol sa pamumuhay para sa mga dayuhan . . . . .	4
4	Tanggapan ng konsultasyon para sa mga dayuhan . . . . .	5
5	Pagpapadala ng boluntaryong interpreter . . . . .	6
6	Pag-aaral ng Nihongo . . . . .	7
7	Health Insurance/Sistema ng Pensyon . . . . .	9
8	Pagamutan . . . . .	11
9	Pagpunta sa pagamutan kung biglang nagkasakit sa gabi at araw ng pahinga o holiday. . . . .	12
10	Children . . . . .	13
11	Sunog . . . . .	15
12	Emergency . . . . .	16
13	Pulisya . . . . .	17
14	Basura . . . . .	18
15	Pag-iwas sa Sakuna . . . . .	20
16	Buwis . . . . .	21
<input type="checkbox"/>	Newsletter para sa mga dayuhan “Information KASUGAI “ . . . . .	23
<input type="checkbox"/>	“KASUGAI CITY MAP” . . . . .	24

□ Tungkulin ng Munisipyo

Kasugai Shiyakusho (Munisipyo ng Kasugai)

Ang munisipyo ay isang pampublikong tanggapan na importante sa pang araw-araw na pamumuhay. Sa tanggapan na ito ginagawa ang mga proseso tulad ng Gaikokujin toroku (Alien registration), Kekkō (Pagpapakasal), Shusse (Panganganak) at bukod sa tanggapan para sa Kokumin kenko hoken (National health insurance) maaari din kayong sumangguni dito ng mga bagay na hindi ninyo alam o maintindihan tungkol sa pang araw-araw na pamumuhay.

Lugar ▼ 5-44 Toriimatsu Cho Kasugai Shi, Aichi Ken ☎486-8686

Tel: (0568) 81-5111

Website: <http://www.city.kasugai.lg.jp/>

Parking ▼ Para sa limitadong bilang ng sasakyan lamang

Direksyon ng Transportasyon ▼ Mula JR Kasugai Station, sumakay ng Meitetsu Bus at bumaba sa “Toriimatsu” at maglakad ng isang minuto.

Sumakay ng Kasugai City Bus “Heartful Liner” at bumaba sa bus stop ng “Shiyakusho” at agad ninyo itong makikita.

Oras na bukas ang Tanggapan ▼ Lunes hanggang Biyernes mula 8:30 ng umaga hanggang 5:15 ng hapon

Araw na sarado ▼ Sabado, Linggo, holiday at Disyembre 29 hanggang Enero 3

## 1 Alien Registration

Citizens' Section      Tel: (0568) 85-6138

Kailangang magparehistro ang isang dayuhan kapag siya ay mananatili sa Japan ng mahigit sa 90 na araw. At para na rin magamit o makapasok sa ibat-ibang uri ng serbisyo ng pamahalaan, magparehistro sa Citizens' Section.

Mga kailangang dalhin na dokumento Pasaporte, Litrato (4.5 cm x 3.5 cm) 2 piraso na magkapareho

\* Kuha sa loob ng nakaraang 6 na buwan.

Ang iba pang proseso tulad ng tungkol sa panganganak, pagkamatay, pagpapakasal, paghihiwalay, pagpapalit ng tirahan at iba pa ay sa Citizens' Section din ginagawa.

## 2 International Exchange Room

Sa gusaling ito ginagawa ang mga impormasyon ukol sa pandaigdigang pakikipag-ugnayan at kultura ng ibat-ibang banyaga ng siyudad na ito. Dito makakakuha ng mga pamhlet na isinalin sa ibat-ibang wika at impormasyon ukol sa mga samahan na ang aktibidad ay may kaugnayan sa mga banyaga at kultura nito na makakatulong sa pang araw-araw na pamumuhay.

Lugar ▼ 3 Harumi Cho Kasugai Shi, Aichi Ken 〒486-0837


Tel: (0568) 85-6606

Parking ▼ Para sa limitadong bilang ng sasakyan lamang

Direksyon ng Transportasyon ▼ Mula sa JR Kasugai Station, sumakay ng Meitetsu Bus at bumaba sa “Toriimatsu”, pagkatapos ay maglakad ng isang minuto.

Oras na bukas ang Tanggapan ▼ Martes hanggang Linggo mula 9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon

Saradong Araw ▼ Lunes, Katapusan at simula ng taon (Disyembre 29-Enero 3)



### 3 Oryentasyon ukol sa pamumuhay para sa mga dayuhan

International Exchange Room      Tel: (0568) 85-6606

Itinuturo dito ang tungkol sa pamumuhay sa lungsod ng Kasugai sa ibat-ibang wika kagaya ng paraan ng pagtatapon ng basura, kung saan dapat lumikas sa oras ng lindol at iba pang mga bagay para sa mga bagong dating na banyagang mamayan sa lungsod ng Kasugai.

#### Araw/Oras na bukas ▼

Araw	Mga wika	Oras na bukas
Unang Linggo ng kada buwan	English, Spanish, Portuguese	9:00 a.m. - 12:00 noon
	English	1:00 p.m. - 4:00 p.m.
Pangalawang Linggo ng kada buwan	English	9:00 a.m. - 12:00 noon
	English, Spanish, Portuguese	1:00 p.m. - 4:00 p.m.
Pangatlong Linggo ng kada buwan	Tagalog	9:00 a.m. - 12:00 noon
	English	1:00 p.m. - 4:00 p.m.
Pang-apat na Linggo ng kada buwan	English	9:00 a.m. - 12:00 noon
	Chinese	1:00 p.m. - 4:00 p.m.
Pang-limang Linggo ng kada buwan	English	9:00 a.m. - 12:00 noon
	English, Spanish, Portuguese	1:00 p.m. - 4:00 p.m.

Nilalaman ▼ Paraan ng pagtatapon ng basura, health insurance at ospital, paraan ng pagtawag ng ambulansiya, mga lugar kung saan maaaring lumikas sa panahon ng lindol at tanggapan kung saan dapat sumangguni sa loob ng munisipyo (Mga 30 minuto)

Lugar ▼ International Exchange Room

\* 5 minuto pag lalakaran mula sa Kasugai City Hall

\* Maaaring iparada ang inyong mga sasakyan sa parking area ng City hall.

Information desk ▼ Ang pagtanggap ng dadalo ay sa oras ng nakasaad skedyul. At ang oras ng oryentasyon ay humigit kumulang ng 30 minuto. Hindi kailangan ang reserbasyon. Maaaring pumunta ng direkta sa International Exchange Room sa araw ng skedyul ng oryentasyon.

Halaga ng bayad ▼ Libre

#### 4 Tanggapan ng konsultasyon para sa mga dayuhan

Ang lungsod ng Kasugai, ay tumatanggap ng konsultasyon sa ibang wika para sa mga dayuhan upang mabawasan ang inyong mga problema o alalahanin. Kung kayo ay may problema sa anumang proseso sa loob ng munisipyo o di kaya naman ay sa araw-araw na pamumuhay, huwag po kayong mag-atubiling sumangguni dito.

##### <Local Government Advice Desk>

Citizens' Life Section      Tel: (0568) 85-6624 (Bukas lang sa nakatakdang araw ng konsultasyon)

Maari kayong sumangguni kung kayo ay may katanungan o alinlangan tungkol sa serbisyong pampubliko ng lokal na pamahalaan.

##### ▼ Miyerkules: Umaga 9:00 - 12:00, Hapon 1:00 - 4:00

Unang Miyerkules ng kada buwan:	English, Tagalog (Sa umaga lang)
Pangalawang Miyerkules ng kada buwan:	Portuguese
Pangatlong Miyerkules ng kada buwan:	Spanish
Pang-apat na Miyerkules ng kada buwan:	Portuguese

##### <Sanggunian ukol sa Pamumuhay>

International Exchange Room      Tel: (0568) 85-6606

Lugar ▼ 3 Harumi Cho Kasugai Shi, Aichi-ken 〒486-0837

Maari kayong sumangguni ukol sa mga pangkalahatang impormasyon o iba't-ibang katanungan tungkol sa pang araw-araw na pamumuhay.

##### ▼ Linggo: Umaga 9:00 - 12:00, Hapon 1:00 - 4:00

Unang Linggo ng kada buwan:	Umaga:	English, Spanish, Portuguese
	Hapon:	English
Pangalawang Linggo ng kada buwan:	Umaga:	English
	Hapon:	English, Spanish, Portuguese
Pangatlong Linggo ng kada buwan:	Umaga:	Tagalog
	Hapon:	English
Pang-apat na Linggo ng kada buwan:	Umaga:	English
	Hapon:	Chinese
Pang-limang Linggo ng kada buwan:	Umaga:	English
	Hapon:	English, Spanish, Portuguese

## 5 Pagpapadala ng boluntaryong interpreter

Citizen's Activities Promotion Section      Tel: (0568) 85-6033

International Exchange Room                      Tel: (0568) 85-6606

Ang Kasugai City ay nagpapadala ng mga boluntaryong interpreter kung mayroong mga prosesong kailangang gawin sa mga pampublikong pasilidad sa loob ng lungsod ng Kasugai. Kung kailangan ninyo interpreter, mangyari lamang na kayo ay makipag-ugnayan sa amin 1 linggo bago ang takdang araw.

▼ Mga wikang may interpreter: English, Chinese, Portuguese, Spanish, Wikang Pilipino (Tagalog)

▼ Mga lugar na pagpapadalhan: Mga pampublikong pasilidad sa loob ng lungsod ng Kasugai.

▼ Oras sa ipinadala: Hindi hihigit sa 2 oras habang bukas ang tanggapan.

\* Ang proseso po ay nagtatagal kapag mayroong interpreter, mangyari po lamang na lagyan po ninyo ng allowance ang inyong oras.

▼ Mga usaping tutugunan ng interpreter:

Pagtulong sa mga proseso na kailangang gawin sa munisipyo at pampublikong pasilidad. (Hindi po maaaring magpapadala ng interpreter para sa mga usaping eksklusibo ang nilalaman)

▼ Lugar kung saan mag-lalabas ng aplikasyon: International Exchange Room

Tel: (0568) 85-6606

▼ Para sa mga katanungan: Kasugai City Citizen's Activities Promotion Section

Tel: (0568) 85-6033

\* Kami po ay naghahanap rin ng mga boluntaryong interpreter. Sa mga nais magparehistro, maaari po kayong makipag-ugnayan sa amin.

## 6 Pag-aaral ng Nihongo

<Kasugai Fureai Classes>

International Exchange Room      Tel: (0568) 85-6606

Kami po ay magbubukas ng silid aralan para sa pag-aaral ng nihongo para sa mga mamamayang dayuhan na hindi nakakaintindi nito. Bubuksan ang mga kurso kung saan mararanasan ang tradisyunal na kultura ng Japan 1 beses bawat simestre.

Pagbubukas ng kurso ▼ Tagsibol, mula Mayo hanggang Hulyo, taglagas, mula Setyembre hanggang Nobyembre, at taglamig, mula Enero hanggang Marso. (Ika-2, 3, 4, 5 na Biyernes at Ika-2, 3, 4, 5 na araw ng Linggo ng mga nabanggit na buwan)

\* Subalit ito ay sarado ng Hulyo 31 (Linggo)

Oras ▼ 10:00 ng umaga hanggang Tanghali

Lugar ▼ Toriimatsu Fureai Center at iba pa (may pagkakataon na nagbabago ang lugar)

Mga taong maaaring sumali ▼ Mga taong may 15 taon gulang pataas na naninirahan o nagtatrabaho sa lungsod ng Kasugai.

Klase ▼

Araw ng Biyernes	Araw ng Linggo
I. Pagbasa at pagsulat (Kanji/Hiragana/Katakana)	I. Pagbasa at pagsulat (Kanji/Hiragana/Katakana)
II. Talakayan (Pagbasa tulad ng dyaryo at iba pa)	II. Talakayan (Mga simpleng salita na ginagamit sa araw-araw)
III. Para sa mga baguhan (Beginner)	III. Para sa mga baguhan (Beginner)
	IV. Para sa may kaunting kalaaman (Intermediate)
	V. Mga taong nais kumuha ng Japanese-Language Proficiency Test
* 1 beses sa bawat simestre, ang parehong klase ay magbubukas ng kurso kung saan mararanasan ang tradisyunal na kultura ng Japan.	

Aplikasyon ▼ Maaaring magsadya sa reception na nasa ika-2 palapag ng Toriimatsu Fureai Center bago mag simula ang bawat klase ng 9:30 ng umaga. (Maaari rin kayong magmasid.)

Tuition Fee ▼ Libre (ngunit mayroong babayaran para sa mga kagamitan sa pag-aaral na 4,725 yen para sa Beginner class, at 2,940 yen naman para sa Intermediate class.)

Day care service ▼ Para sa mga batang may 1 taong gulang hanggang sa mga batang hindi pa nag-aaral ng elementarya (Biyernes at Linggo, wala pong bayad)

<Nihongo Class>

Ang mga volunteer groups (boluntaryong grupo) ay nagtuturo ng nihongo sa mga Community centers at Fureai Center. Walang limitasyon sa edad o kung ano man ang iyong nasyonalidad. Maaring sumali kahit kailan naising magsimula. Ang pagtuturo ay ibinabase sa kung ano mang level (antas) ng kakayahan mayroon ang bawat isa.

Ang mga karagdagang impormasyon sa ipapaalam sa pamamagitan ng Koho Kasugai newsletter.

## 7 Health Insurance/Sistema ng Pensyon

Health Insurance and Pension Plan Section

Tel: (0568) 85-6156

### Health Insurance

Sa Health insurance ay may Insurance tinatawag na Social insurance (Shakai hoken) para sa mga nagtatrabaho sa mga pribadong kumpanya at National health insurance (Kokumin kenko hoken) kung saan kasama na rin ang sistema ng insurance para sa mga matatanda (Older Seniors Healthcare System) (Koki koreisha iryo seido).

#### <National Health Insurance>

Ang mga nakarehistro na banyaga na may visa na mahigit 1 taon, taong hindi pwedeng pumasok sa ibang Health insurance ay kailangang pumasok sa National health insurance. Kailangang gawin ang proseso ng pag-apply sa loob ng 14 araw pagkalipat sa bagong tirahan at dalhin ang alien registration card o passport.

1. Ang buwis ng insurance ay depende sa kita sa isang taon (Annual income) ng nag-apply at sa bilang ng miyembro ng pamilya nito.
2. Kung magpapatingin sa ospital ay huwag kalimutan dalhin ang Health insurance card.

#### <Older Seniors Healthcare System (Koki Koreisha Iryo Seido)>

Ang Older Seniors Healthcare System (Sistema ng medical insurance para sa mga may edad) ay para sa panlahatang may edad na mahigit sa 75 taon gulang (Sa mga may permanenteng kapansanan ay 65 taon gulang pataas) at ang bagong health insurance na ito ay nag-umpisa noong 2008 ng Abril.

Ang may mahigit sa isang taong bisa na naninirahan sa bansang ito, pag dumating ang 75 taon niyang kaarawan ay tatanggalin na siya sa kasalukuyang ginagamit na health insurance at automatic siyang ililipat sa Older Seniors Healthcare System.

At para naman sa may permanenteng kapansanan na may edad na mahigit ng 65 taon gulang, at may ipapakitang katunayan na siya ay may kapansanan kagaya ng (Shintai shogaisha techo) dokumento na nagpapatunay na naka rehistro bilang isang may kapansanan pati na rin Ang alien registration card o passport at mag-apply (hindi ito sapilitan). Makakapasok sa sistemang ito pag napatunayan na ng “Aichi-Ken Koki Koreisha Iryo Koiki Rengo” ang mga impormasyon sa application mo.

1. Ang Health insurance card ay ipapadala sa inyong tirahan pagkalipas ng ilang araw matapos ang proseso ng inyong aplikasyon.
2. Ang kabayaran sa Health insurance ay ibabase sa dapat mong babayaranang tax na base sa halaga ng isang taon mong kinita na binawasan na ng mga dapat bawasin pag nag-apply ng Income tax at ang pwedeng maging halaga nito ay dumidepende sa bawat indibidwal.

<Ang tungkol sa Medical Examination>

Para sa may edad na 40 taon hanggang 74 taon gulang na pasok sa National health insurance ay may isinasagawang special medical examination (espesyal na eksaminasyon pang medikal) na ang layunin ay upang malaman kung kayo ay metabolic syndrome na o nabibilang na dito. At sa mga taong mapapatunayan na kinakailangang magpatingin dahil dito, siya ay padadalhan ng espesyal na kupon para magamit sa pagpapatingin.

At para sa mga pasok sa Older Seniors Healthcare System, may special medical examination (espesyal na eksaminasyon pang medikal) na ang layunin ay para malaman ang mga possibleng sakit na dinadala dahil sa style ng araw-araw na pamumuhay (Seikatsu shukan byo) at mapangalagaan ang kanilang kalusugan.

Dalhin ang kupon para sa espesyal na eksaminasyon pang medikal pati ang Health insurance card at magpatingin sa ospital na naka saad sa listahan kung saan-saang ospital pwedeng magpatingin.

#### Sistema ng Pensyon

Lahat ng nakatira sa Japan, na may edad na 20 taong gulang pataas hanggang 60 taong gulang, Japanese man o hindi, ay kinakailangang sumapi sa sistema ng Pensyon.

## 8 Pagamutan

Mayroon pampubliko at pribadong uri ng pagamutan.

### Koritsu Byoin (Pampublikong pagamutan)

Kasugai Shimin Byoin

Lugar ▼ 1-1-1 Takaki Cho Kasugai Shi, Aichi Ken 〒486-8501

Tel: (0568) 57-0057

Oras ng Pangtanggap: Lunes hanggang Biyernes, mula 8:30 hanggang 11:30 ng umaga

Mga saradong araw: Sabado, Linggo, Holiday, at Disyembre 29 hanggang Enero 3

Departamentong Medikal:

Internal Medicine, Mental Health, Neurology, Respiratory Medicine, Gastroenterology, Circulatory Medicine, Pediatrics, General Surgery, Orthopedic Surgery, Plastic Surgery, Neurosurgery, Respiratory Surgery, Cardiovascular Surgery, Dermatology, Urology, Obstetrics and Gynecology, Ophthalmology, ENT, Rehabilitation, Radiology, Anesthesia, Dental and Oral Surgery


### Minkan Byoin (Pribadong Pagamutan)

Ang saradong araw at oras ng konsultasyon ay magkakaiba depende sa pagamutan.

\* Ang lokasyon ng mga pagamutan, klinika at botika na nasasakupan ng munisipyo ay makikita sa “Iryo Kikan Mappu” (English, Tagalog). Kung nais ngkaragdagang impormasyon ukol dito, tumawag lamang sa Health Promotion Section. Tel: (0568) 85-6167

Sa unang pagkakataon na pumunta sa kahit na anong pagamutan, siguraduhing magdala ng inyong Health insurance card.

9 Pagpunta sa pagamutan kung biglang nagkasakit sa gabi at araw ng pahinga o holiday

Araw Lugar ng konsultasyon	Gabi ng Lunes - Biyernes *Hindi kasali holiday	Sabado *Hindi kasali holiday	Linggo at holiday
Tagapamahala sa Kalusugan Konsultasyon (kung biglang nagkasakit sa araw ng pahinga o holiday at sa gabi)  5-376 Kashihara Cho Kasugai Shi, Aichi Ken Tel: (0568) 84-3060	<u>Internal Medicine</u>  <u>Pediatrics</u>  <u>General Surgery</u> 9:00 p.m. - 11:30 p.m.	<u>Internal Medicine</u>  <u>Pediatrics</u> 6:00 p.m. - 9:00 p.m.	<u>Internal Medicine</u>  <u>Pediatrics</u>  <u>General Surgery</u> 9:00 a.m. - 12:00 noon 1:00 p.m. - 5:00 p.m. 6:00 p.m. - 9:00 p.m.  <u>Dental o Para sa Ngipin</u> 9:00 a.m. - 12:00 noon
Doctor na gumagamot sa kanyang bahay o sa klinika sa panahon ng emergency.		<u>General Surgery</u> 5:00 p.m. - 9:00 p.m.	<u>Obstetrics and</u>  <u>Gynecology</u> 9:00 a.m. - 12:00 noon 1:00 p.m. - 5:00 p.m.
		Ang pangalan ng Emergency hospitals ay ipapaalam sa pamamagitan ng Koho Kasugai newsletter at Home page.	

Kakailanganin ng Health insurance card, o sertipikasyon na kayo ay isang recipient, at Cash kung kayo ay magpapatingin.

Ang nakasulat na oras sa itaas ay oras na pwedeng magpatingin. Pumunta o magpatala sa reception desk 30 minuto bago ang itinakdang oras.

## 10 Children

### Welfare

<Suporta sa gastos ng pagpapagamot para sa mga Bata>

Health Insurance and Pension Plan Section      Tel: (0568) 85-6194

Ang tulong sa bayad sa halagang hindi na sakop ng health insurance na kailangang akuin ng batang pasyente ay hanggang sa katapusan ng taon ng 3rd year ng Junior high school.

<Child Allowance>

Child Policy Section      Tel: (0568) 85-6201

Makakatanggap ang taong nag-aalaga ng mga bata hanggang maktapos ito ng 3rd year Junior high school (hanggang sa katapusan ng unang taon pagkatapos mag 15 taong gulang ang bata).

<Nursery School>

Nursery Section      Tel: (0568) 85-6202

Ang Nursery schools ay Welfare institution na tumutulong sa pag-aalaga sa mga batang 6 buwan pataas at hindi pa nag-aaral, mga bata na ang magulang ay nagtatrabaho, na ang magulang ay nag-aalaga ng may sakit na miyembro ng pamilya at iba pang dahilang na sanhi ng hindi maalagaan ang bata ng palagian.

### Kalusugan

<Bakuna>

Health Promotion Section      Tel: (0568) 85-6168

Ang mga batang nasa edad na tinutukoy ay nakatakda ang bilang ng bakuna. Pagkailangan ng magpabakuna ay ipapadala sa inyo ang kupon para sa bakuna ng maaga. Kung ang anak ninyo ay nabakunahan sa ibang bansa, kailangan ninyong ipaalam ito sa nararapat na tanggapan.

<Handbook ng Ina at bata>

Child Policy Section      Tel: (0568) 85-6170

Kapag ipinaalam ninyo na kayo ay buntis, kayo ay lalabasan ng handbook ng Ina at bata na (Boshitecho) na nakasalin sa ibang wika o sa nihongo. (Mag apply lang po sa Child Policy Section)

<Health checks para sa mga bata at sanggol>

Child Policy Section      Tel: (0568) 85-6170

Isinasagawa ang Health check sa apat na buwang sanggol, isa't-kalahating taong gulang at 3 taong gulang na bata. Padadalhan ng notice sa pamamagitan ng koreo ang mga dapat tumanggap.

<Pagbibigay tulong sa pagpapagamot sa taong baog>

Child Policy Section      Tel: (0568) 85-6170

Para sa mga mag-asawang nais magpatingin o magpagamot dahil sa hindi pagbubuntis, makakatanggap ng tulong na para parte sa bayad (Hanggang 50,000 yen).

### Edukasyon

<Kindergarten>

School Education Section      Tel: (0568) 85-6441

Ito ay para sa mga batang may 3 hanggang 5 taong gulang, bago pumasok sa mababang paaralan. Mayroon ding mga pribadong kindergarten sa nasasakupan ng tinitirhan na lungsod. Para sa mga detalye, sumangguni sa kinauukulang Kindergarten.

<Pamublikong paaralan para sa elementarya at Junior high school>

School Education Section      Tel: (0568) 85-6441

Ang pagpasok sa mababang paaralan ay simula sa edad na 6 na taong gulang at magtatapos sa edad na 12 na taong gulang. Ang pagpasok sa High school naman ay mula sa edad na 12 na taong gulang at magtatapos sa edad na 15 na taong gulang. Kung may nais na pumasok ng paaralan, kinakailangang ang tagapangalaga (magulang) ay magbigay ng application form sa “Kasugai City Board of Education”.

## 11 Sunog

Kapag may sunog, tumawag agad sa 119 at ipaalam ito.

### **Halimbawa ng pagbigay ng impormasyon**

Sa pagtatawag, itatanong kung ito ba ay “Kaji desu ka?” (Sunog ?)

“Kyukyu desu ka?” (Emergency ba?)

“Kaji desu!” (Sunog po!) ang isagot.

Itatanong sa iyo kung, “Nani ga moete imasu ka?” (Ano ang nasusunog?), sabihin kung ano ang nasusunog.

Halimbawa “ \_\_\_\_\_-cho \_\_\_\_\_-chome \_\_\_\_\_-banchi de go-kai date apato no san-kai ga moeteimasu!”

(Sa \_\_\_\_\_-cho \_\_\_\_\_-chome \_\_\_\_\_-banchi may 5 palapag na apartment at ang ika 3 palapag na bahagi nito ang nasusunog!)

“Watashi wa \_\_\_\_\_ desu” (Ako ay si \_\_\_\_\_ ) ang isagot.

## 12 Emergency

Sa oras ng biglang pagkakasakit o aksidente, nasugatan at iba pa na kinakailangan ng madaliang atensyon pang medical ay tumawag kaagad sa 119.

### **Halimbawa ng kailangang impormasyon**

Sa pagtatawag, itatanong kung ito ay “Kaji desu ka? Kyuukyuu desu ka?” (Sunog ba? Emergency ba?)

Sumagot ng “Kyukyu desu!” (Emergency po!)

“Dou saremashita ka?” (Ano ang nangyari?)

Halimbawa “Kyubyo (Kotsu jiko/kega) desu. Basho wa \_\_\_\_\_-cho \_\_\_\_\_-chome \_\_\_\_\_-banchi desu.”

(Biglaang pagkakasakit (aksidente/may nasugatan) po. Ang lugar ay sa \_\_\_\_\_-cho \_\_\_\_\_-chome \_\_\_\_\_-banchi po.)

“Watashi wa \_\_\_\_\_ desu” (Ako ay si \_\_\_\_\_) ang isagot.

\* Kinakailangan na maibigay mo ang tamang impormasyon kaya kung alam mo na hindi ka pa masyadong makapagsalita ng nihongo o hindi alam ang lugar ay maari po lamang na humanap ng tao na maaaring magpaliwanag ng nangyari at makapagsasabi ng tamang lokasyon.

13 Pulisya

Kung may aksidente, krimen at iba pa ay tumawag lang sa numerong 110.

**Halimbawa na Pag-uusap sa telepono**

Kung tatawag sa numerong 110, maging mahinahon at ipaalam ang mga sumusunod.

“Ano ang nangyari”

“Kailan nangyari”

“Saan nangyari”

“Inyong Pangalan”

14 Basura


Sanitary Administration Section      Tel: (0568) 85-6222

Public Sanitation Office      Tel: (0568) 84-3211

Lugar ▼ 4957-2 Takaki Cho Kasugai Shi, Aichi Ken 〒486-0804

Sa lungsod ng Kasugai, ang mga basura at Recyclable (bagay na maaaring i-recycle) ay pinagbubukod.

Para sa mga detalye, uri ng basura at paraan ng pagtapon, sumangguni sa (English, Korean, Chinese, Spanish, Portuguese). Ito ay ipinamimigay sa munisipyo at iba pang mga pampublikong tanggapan ng syudad.

Uri/Paghiwalay ng Basura	Mga halimbawa	Dalas ng Pangungulekta
Uri (Lata ng inumin, Bote, Pet bottle)	Lata o aluminyum na lalagyan Boteng lalagyan ng inumin o pagkain Pet bottle (plastik na lalagyan ng inumin, toyo at iba pang likido) 	2 beses sa isang buwan
Uri (Lumang Papel, Damit)	Dyaryo (Kasali ang papel nakaipit dito) Magasin (Kasali dito ang kahon ng tissue, atpb.) Mga babasahin, karton, tetrapack, mga lumang damit	2 beses sa isang buwan
Basurang nabubulok o nagliliyab	Nabubulok (tirang pagkain), mga tirang kahoy, mga kagamitang gawa sa balat, cassette tape, video tape, sapatos, dayaper, upos ng sigarilyo	2 beses sa isang linggo
Basurang di nabubulok o di-nagliliyab	Mga plastik, styrofoam di kalakihang kagamitang electronics na pambahay (maliban sa mga bagay na para sa recycle), metal o bakal, bote, porselana	1 beses sa isang linggo
Basurang delikado o nakakalason	Spray cans, gasolina, mga kagamitang may nilalamang gaas o petrolyo	1 beses sa isang buwan

Itapon ang basura at ang iba't ibang uri nito bago mag alas-8 ng umaga sa nakatakdang lugar at araw ng pangungulekta ng bawa't uri ng basura.

Gamitin ang itinalagang dilaw na plastik na supot sa pagtatapon ng mga “basurang madaling magliyab o masunog” at gamitin ang nakatalagang asul na plastic na supot sa pagtatapon ng “basurang di nagliliyab o nasusunog”.

Gamitin ang mga itinalagang plastik (malinaw o bahagyang naaaninag) na supot para sa wastong pagtatapon ng mga bagay na maaaring ma-recycle (latang inuman, bote, pet bottle o plastik na lalagyan ng inuman o likido) pagsamasamahin base sa uri.

Itali ng bukod ayon sa klase ang mga recyclable (mga lumang papel). Ilagay naman sa malinaw o sa bahagyang naaaninag na supot ang mga lumang damit.

## 15 Pag-iwas sa Sakuna

Alamin ang mga evacuation areas sa panahon ng sakuna. May mga nakatalagang evacuation areas sa nasasakupan ng munisipyo. Ito ay makikita sa “KASUGAI CITY MAP” (English, Chinese, Portuguese). Sa mga gustong magkaroon ng kopya nito ay mangyari lang na, tumawag sa tanggapan ng Public Information Section. Tel: (0568) 85-6036

## 16 Buwis

Ang mga taong naninirahan ng may 1 taon sa Japan, at may tiyak na kita mula sa trabaho, ay may obligasyong magbayad ng buwis.

### <Income Tax (National Tax)>

Komaki Tax Office Tel: (0568) 72-2111

Ang Income tax, at buwis na ipinapataw sa kinita ng isang indibidwal sa loob ng 1 taon (Enero 1-Disyembre 31).

Ang buwis ay nadaragadagan habang ang inyong kinikita ay lumalaki. (may 6 na antas ang pagpatong ng buwi mula 5% - 40%).

May 2 paraan sa pagbabayad nito.

- Ibabawas ng kumpanya ang buwis mula sa suweldo ng empleyado (Withholding), at kapalit ng empleyado, ang kumpanya ang siyang magbabayad ng naipong buwis sa loob ng 1 taon (sa katapusan ng taon ang pagbabayad).
- Ang empleyado ang magkukuwenta ng kaniyang suweldo at buwis para sa 1 taon, at siya rin ang magdadala sa Tax office upang malaman ang dapat bayarang buwis (Income tax filing).

Komaki Tax Office: 1-422 Chuo Komaki Shi, Aichi Ken 〒485-8561

### <Resident Tax (Municipal Tax and Prefectural Tax)>

Residents Tax Section Tel: (0568) 85-6093

Ang mga taong naninirahan sa lungsod mula Enero 1 hanggang ngayon, na may higit 1 taon ang paninirahan sa Japan, o di kaya naman ay mga dayuhan na kailangang manirahan ng higit sa 1 taon dahil sa trabaho ay kinakailangang magbayad ng buwis na ito.

Ang Resident tax ay pinagsamang buwis na ibinabayad sa lungsod para sa Municipal tax at sa Prefecture, para naman sa Prefectural tax. Ang buwis ay kukuwentahin mula Enero 1 hanggang sa kasalukuyan ninyong paninirahan batay sa inyong kinita sa nakaraang taon at nagsisimula ang pagbabayad tuwing buwan ng Hunyo.

Ang porsiyento ng buwis ay pantay sa 10% (Municipal tax 6%, Prefectural tax 4%) (Tax rate ng taong 2011).

May 3 paraan sa pagbabayad nito

- Ibabawas ng kumpanya ang resident tax mula sa suweldo ng empleyado, at ang kumpanya ang magbabayad nito. (Especyal na koleksyon ng buwis mula sa suweldo.)
- Magpapadala ang lungsod ng notice para sa pagbabayad ng buwis, sundin ang nakasulat dito at direktang magbayad sa nakasaad ditong banko o iba pang pasilidad. (Normal na koleksyon ng buwis.)

- Para lamang ito sa resident tax mula sa pensyon ng taong may gulang na 65 pataas, ang buwis ay antimanong babawasin sa pensyon at ibabayad ito sa buwis para doon sa taong binawasan. (Espesyal na koleksyon ng buwis mula sa pensyon.)

Kung nais magtanong para sa iba pang detalye ng Prefectural tax, makipag-ugnayan sa Higashi-owari Taxation Office: 3-65 Toriimatsu Cho Kasugai Shi, Aichi Ken 〒486-8515  
Tel: (0568) 81-3192

<Tungkol sa pagbabayad ng Municipal Tax>

Revenue Section Tel: (0568) 85-6111

Maaaring magbayad sa loob ng takdang panahon sa mga nakasaad na bangko at convenience store. Ang bayad na lalampas sa takdang araw ay magkakaroon ng karagdagang bayad para sa multa. Gayundin, may ipapadalang sulat na nagpapa alala ng pagpabayad kapag lumampas ang 20 araw mula sa takdang panahon na hindi nabayaran ang buwis. Ngayon, kapag nagpatuloy ang hindi pagbabayad, maaari itong maging dahilan ng pagkuha sa inyong ari-arian. Kung ang dahilan ng hindi pagbabayad ng buwis ay dahil sa kalamidad, karamdamang pang-matagalan o pinsala sa katawan, pagsasara ng negosyo at iba pang mga dahilan, maaaring sumangguni sa Revenue Section.

<Fixed Property Tax>

Property Tax Section Tel: (0568) 85-6101

Ang mga taong may pag-aari (lupa, gusali, pag-aari na may amortisasyon) sa loob ng lungsod ng Kasugai ay magbabayad ng Fixed property tax tuwing Enero 1 ng bawat taon, ayon sa halaga ng kanilang ari-arian.

Newsletter para sa mga dayuhan “Information KASUGAI”

Ito ay newsletter kung saan inilalathala ang mga tulad ng pang publikong mensahe at okasyon na ginaganap sa syudad na nakasulat sa wikang English, Chinese at Portuguese. Ang paglalathala ng babasahing ito ay humigit kumulang tuwing ika-15 ng bawat buwan.

Mga lugar kung saan maaaring kumuha ng “Information KASUGAI”

Information corner ng Munisipyo, Citizen’s Consultation Corner, International Exchange Room, Ledyan Kasugai, Sakashita shucchosho, Tobu Shimin Center, Ajiyoshi Fureai Center, Kozoji Fureai Center, Nambu Fureai Center, Seibu Fureai Center, Chuo Kominkan, Chita Kominkan, Takaki Kominkan, Sakashita Kominkan, RENAİK, Asty Kozoji, at Kozoji Post office. 17 lugar lahat lahat.

□ Ukol sa mapa ng lungsod o kabuuan ng mga pampublikong pasilidad, tingnan lamang sa “KASUGAI CITY MAP”.

Mga lugar na makikita sa “KASUGAI CITY MAP”.

Outline ng mga Pasilidad

Munisipyo

Park

- Ochiai Park
- Greenpia Kasugai (Botanical garden)

Social Welfare & Childcare

- General Welfare Center
- Fukushinosato Rainbow Plaza
- Kasugai Genkikko Center (pangkalahatang suporta para sa pagpapalaki ng bata)
- Traffic Safety Playground

Public Health & Medical Facility

- Municipal Hospital
- Medical Care Center
- Medical Center

Amenity/Ekolohiya

- Clean Center/Ecomesse Kasugai

Sports

- Sun Frog Kasugai (swimming pool na mainit ang tubig)
- Central Gymnasium

Kultura, Edukasyon

- Culture Forum Kasugai
- Tofu Memorial Museum
- Outdoor Education Center

Mapa ng Siyudad ng Kasugai